Estado ng Nevada
Dibisyon ng mga Ugnayan sa Industriya
Seksyon para sa Kompensasyon ng mga Manggagawa

Mahalagang Impormasyon Tungkol sa Pisikal na Pagsusuri para sa mga Opisyal ng Pulisya at Bumbero

Available ang mga benepisyo ng insurance sa industriya sa lahat ng kwalipikadong opisyal ng pulisya at bumbero na nagkakaroon ng mga sakit sa baga at puso. Para maging kwalipikado, dapat matugunan ang ilang pinakamababang kinakailangan sa trabaho at kinakailangang sumailalim sa mga pisikal na eksaminasyon ang mga bumbero at mga opisyal ng pulisya.

Nangangailangan ang pagpapatupad ng mga benepisyong ito ng pakikilahok at pakikipagtulungan ng mga employer, mga opisyal ng pulisya, mga bumbero at mga boluntaryong bumbero, ang tagaseguro, at ang mga medikal na tagasuri.

Inihahatid ng *Mga Nibrebisang Batas sa Nevada, NRS*617.455 at 617.457, sa ilalim ng ilang partikular na sitwasyon, tiyak na ipinapalagay na lumitaw mula sa at sa kurso ng pagtatrabaho ang lahat ng sakit sa baga at puso para sa mga opisyal ng pulisya at bumbero, at mga sakit sa baga para sa mga boluntaryong bumbero.

Nagbibigay ang Kabanata 617 ng *Code ng Pangasiwaan sa Nevada (NAC)* ng mga kinakailangan sa pangangasiwa para sa lahat ng mga opisyal ng pulisya at bumbero na kinakailangang magsumite sa mga pisikal na eksaminasyon para makatanggap ng mga benepisyo sa pang-industriya na insurance alinsunod sa NRS 617.455 at 617.457. Dinedetalye sa mga kinakailangang ito ang dalas ng mga eksaminasyon, ang pinakamababang kinakailangan ng mga pagsusulit, ang mga tungkulin ng employer, at ang mga tungkulin ng empleyado. Nakalakip ang kopya ng Kabanata 617 ng *Code ng Pangasiwaan sa Nevada*.

Nakalakip din ang mga kopya ng mga kinakailangang form; mangyaring kopyahin ang mga ito para sa iyong sariling paggamit. Ang mga form na ito ay:

Form ng Medikal na Kasaysayan ng mga Bumbero at Opisyal ng Pulisya (OD-1)
Form ng Pagsusuri sa Baga ng mga Bumbero at Opisyal ng Pulisya (OD-2)
Form para sa Masusing Pagsusuri ng Puso (OD-3) ng Mga Bumbero at Opisyal ng Pulisya
Limitadong Pormularyo ng Pagsusuri sa Puso (OD-4) ng Mga Bumbero at Opisyal ng Pulisya
Form ng Pagsusuri sa Pandinig (OD-5)
Pagtanggap ng mga Form Mula sa Tagasuri (halimbawang sulat)